

# GRUPO NG TAGAPAYO NG KOMUNIDAD PARA SA PROYEKTO NG AURORA AVE

## Gabay sa Aplikasyon

TAGSIBOL 2026

### Pangkalahatang Ideya

Ang Kagawaran ng Transportasyon ng Seattle (SDOT) ay bumubuo ng isang Community Advisory Group (CAG) upang pagsama-samahin ang mga miyembro ng komunidad para magbigay ng pananaw sa isang bagong bisyon para sa Aurora Ave N. Ang CAG ay magpupulong nang 8-12 beses mula 2026 hanggang sa unang bahagi ng 2028 upang matutunan nang higit pa ang tungkol sa gawaing kasalukuyan nang nangyayari, talakayin ang kanilang mga layunin at prayoridad para sa lugar, at bumuo ng kasunduan sa isang bagong bisyon para sa Aurora Ave N upang lumikha ng mas mahusay at mas ligtas na mga opsyon para sa lahat ng paraan ng paglalakbay sa koridor.

### Mga Benepisyo ng Pakikilahok sa CAG

- Magbigay ng pananaw sa pagpapalano ng transportasyon para sa Aurora Ave N
- Matutunan nang higit pa ang tungkol sa istruktura, mga operasyon, mga programa, at mga proyekto ng SDOT sa lugar na iyon
- Pagkakataon para sa Pagpapabuti ng Pamumuno at pakikipag-ugnayang sibiko

### Kompensasyon para sa mga Miyembro ng CAG

Ang mga miyembro ng CAG ay babayaran ng \$60 bawat oras para sa pakikilahok sa mga pagpupulong. Ang lahat ng miyembro ng CAG ay pipirma ng isang Kasunduan sa Kalahok sa SDOT at isang W-9 bago magsimula ang kanilang termino.

### Mga Ninanais na Kwalipikasyon sa mga miyembro ng CAG para sa Proyekto ng Aurora Ave

- Kasalukuyang nagtatrabaho, naninirahan, sumasamba, naglalaro, o nag-aaral malapit sa Aurora Ave N
- May mga karanasan sa buhay at/o propesyonal na kaalaman sa mga hamon na may kaugnayan sa transportasyon na nararanasan ng mga tao sa at sa kahabaan ng Aurora Ave N
- Interes sa pakikipagtulungan sa isang pangkat kasama ang iba pang mga miyembro ng komunidad at mga tao mula sa lokal na pamahalaan
- Hindi kinakailangan ang nakaraang karanasan sa pakikilahok sa isang grupong nag-aabiso. Kung hindi pa kayo nakapaglingkod sa mga grupong nag-aabiso sa antas ng lungsod noon, hinihikayat namin kayong mag-aplay!



## Mga Populasyon na Binibigyang-pansin

Tinukoy ng Seattle City Council ang mga komunidad na dapat makinabang nang pantay-pantay mula sa mga pamumuhunan sa transportasyon ng Lungsod (Resolusyon 317731). Nagsisikap kami upang matiyak na ang mga bagong ideya at progreso tungo sa ligtas, napapanatili sa kapaligiran, naa-access, at abot-kayang mga opsyon sa transportasyon ay maaaring ma-access ng mga komunidad na iyon. Pagsasama-samahin ng CAG ang iba't ibang uri ng mga tao. Ang mga miyembro ng CAG ay magkakaroon ng magkakaiba at nagtatagpong mga pagkakakilanlan, personal at/o propesyonal na kadalubhasaan, at/o magiging kaanib ng mga ahensya, kowalisyon, at network mula sa o naglilingkod sa mga sumusunod na komunidad:

- Mga komunidad ng Itim, Katutubo, at mga taong may kulay (Itim/Katutubo/Ibang Lahi)
- Mga komunidad na mababa ang kita
- Mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan o kawalan ng katiyakan sa pabahay
- Mga taong sumasakay sa pampublikong sasakyan
- Mga taong naglalakad, nagbibisikleta, nagpapagulong, o nag-i-iskuter
- Mga taong may kapansanan, kapwa pisikal at sa pag-iisip
- Kabataan
- Mga Matatanda



## Proseso ng Aplikasyon at Pagpili

Ang mga aplikasyon ay tatanggapin online. Kung mas gusto ninyong sagutin ang inyong aplikasyon sa pamamagitan ng telepono o nang personal, mangyaring mag-email sa [aurorastudy@seattle.gov](mailto:aurorastudy@seattle.gov) o tumawag sa (206) 905-3620. Ibibigay namin ang tulong na kailangan ninyo.

Ang mga aplikasyon ay susuriin ng isang komite sa pagpili ng mga taong nagtatrabaho para sa SDOT. Ang mga aplikasyon ay dapat isumite hanggang Biyernes, Mayo 15, 11:59 PM. Kokontakin ang mga aplikante para sa isang maikling panayam kasama ang mga kawani ng SDOT bago namin gawin ang aming mga huling desisyon.

## Mga Pananampalataya sa Pakikilahok ng Miyembro ng CAG

- Dalawang taong pananampalatayang dadalo sa mga nakatakdang pagpupulong simula sa Hulyo 2026
- Regular na dadalo sa mga pagpupulong ng CAG, na inaasahang gaganapin sa kaagahan ng gabi sa isang karaniwang araw (ang mga petsa ng pagpupulong ay itatakda sa unang pagpupulong ng CAG)
- Maglaan ng tinatanyang kabuuang 36 na oras upang dumalo sa mga pagpupulong ng CAG sa loob ng 2 taon
- Makipagtulungan kasama ang mga miyembro ng CAG, SDOT, at mga kawani ng Lungsod ng Seattle upang magbigay-alam sa bisyon para sa Aurora Ave N

Kung kailangan ninyo ng tulong sa wika o espesyal na pangangailangan upang maglingkod sa grupong nag-aabiso, magkakaroon ng mga akomodasyon kapag hihiling. Mangyaring mag-email sa [aurorastudy@seattle.gov](mailto:aurorastudy@seattle.gov) o tumawag sa (206) 905-3620.

## IMPORMASYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA PROYEKTO

[www.seattle.gov/transportation/auroraproject](http://www.seattle.gov/transportation/auroraproject)

[aurorastudy@seattle.gov](mailto:aurorastudy@seattle.gov)

Christa Dumpys | (206) 905-3620



**Seattle**  
Department of  
Transportation